

BUSLOAD OF BOOKS TOUR - Q&A NG PROYEKTONG PANANALIKSIK

ANO ANG SINUSUBUKAN NAMING MALAMAN?

Napakaraming anekdotal na ebidensiya na ang pagbisita ng manunulat/ilustrador ay may positibong epekto sa mga saloobin at paggawi ng estudyante patungkol sa pagbabasa at pagsusulat. Gayunpaman, walang sinuman ang eksaktong nakasukat kung paano nangyayari ang mga pagbabagong ito sa mga estudyante, o bakit nangyayari ang mga ito. Iyon mismo ang gagawin ng pag-aaral na ito.





BAKIT ITO MAHALAGA?

Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring: 1) makatulong sa mga tagapangasiwa ng paaralan na maisulong ang pagbibigay-pondo para sa susunod na mga pagbisita ng manunulat/ilustrador, 2) makatulong sa mga guro na maihanda ang mga estudyante upang masulit nang husto ang mga naturang pagbisita, at 3) makatulong sa mga distrito ng paaralan na gumawa ng matalinong mga desisyon tungkol sa pagbabadyet para sa mga gawaing nagpapayabong sa kakayahang bumasa at sumulat.

ANO ANG PROSESO?

Sasagutan ng mga estudyante ang tatlong maiikling survey: isa bago ang pagbisita ng Busload of Books, isa pagkatapos na pagkatapos ng pagbisita, at ikatlo pagkalipas ng isang buwan. Sinusukat ng mga survey ang saloobin at motibasyon sa pagbabasa, pagsusulat, at pagguhit sa mga paaralan. Ang mga ito ay naka-format sa isang madali at naa-access na paraan (tingnan ang halimbawa sa ibaba) at tatagal nang hindi lalampas sa 10 minuto para matapos.

1) How do you feel about spending free time reading?

I love it!	I like it.	It is ok.	I don't like it!
			

Ang mga guro ay hihilingang kumpletuhin ang mga survey bago at pagkatapos ng pagbisita na nagbibigay-dokumento sa 1) kung paano nila inihanda ang mga estudyante para sa pagbisita ng manunulat/ilustrador 2) kanilang pangkalahatang mga kasanayang pangliterasiya sa silid-aralan.

Ang mga tagapangasiwa at iba pang tauhan ng paaralan na may kaugnayan sa literasiya ay hihilingang kumpletuhin ang isang minsanang survey tungkol sa kanilang motibasyong makibahagi sa mga pagbisita ng manunulat/ilustrador at sa kapaligirang pangliterasiya ng kanilang paaralan.

Ang inyong paaralan ay makapipili kung kukumpletuhin ang mga survey sa papel o online (gamit ang ligtas na survey platform na Qualtrics).

KAILANGAN BANG MAKIBAHAGI ANG MGA ESTUDYANTE?

Hindi. Ang mga estudyante at mga magulang ay kapwa may pagkakataong hindi makibahagi sa pananaliksik na ito anumang oras. Magbibigay kami ng mga form ng pahintulot para sa mga magulang at mga tagapag-alaga na alinsunod sa patakaran ng inyong paaralan para sa matalinong pakikibahagi. Sa oras na pangasiwaan ng mga guro ang mga survey, bibigyan din nila ng pagkakataon ang mga estudyante na hindi makibahagi. Walang anumang parusa kung ang estudyante o ang kanilang mga pamilya ay piliing huwag makibahagi.

PAANO NAMIN MATITIYAK ANG PRIVACY NG ESTUDYANTE?

Ang mga estudyante ay makikilala sa pamamagitan lamang ng kanilang mga inisyal. Kailanman ay hindi magkakaroon ng access ang mga mananaliksik sa kanilang buong pangalan o iba pang impormasyong mapagkikilanlan. Kapag nalikom na ang lahat ng mga datos, ang mga inisyal ng estudyante ay papalitan ng ID number. Ang mga mananaliksik ay gagamit ng gawa-gawang mga pangalan kapag nag-uulat ng tungkol sa kalahok na mga estudyante, guro, at paaralan.

SINO ANG NAGSASALIKSIK?

Ang pananaliksik na ito ay isinasagawa ng limang propesor sa mga Departamento ng Edukasyon at Sosyolohiya sa Kolehiyo ng Washington: Dr. Sara Clarke-De Reza, Dr. Bridget Bunten, Dr. Nick Garcia, Prof. Erin Counihan, at Prof. Michelle Johnson.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON: MGA KATANUNGAN?

<https://robbiandmatthew.com/busload-of-books/>

sclarkedereza2@washcoll.edu